

ANTIPONA SA KOMUNYON • *Ps 118:49-50*

MEMENTO verbi tui servo tuo, Dómine, in quo mihi spem dedísti: hæc me consoláta est in humilitáte mea.

HUWAG mong limutin ang Iyong binitawang salita sa Iyong lingkod, Poon, pagka't binigyan Mo ako ng pag-asa. Ito ang aking kalinga sa panahon ng aking kapighatian.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

UT sacris, Dómine, reddámur digni munéribus: fac nos, quæsumus, tuis semper obœdíre mandátis. Per Dóminum.

PANGINOON, isinasamo namin na pagindapatin Mo kaming tumanggap nitong mga banal Mong kaloob pakundangan sa aming pagsunod sa Iyong mga kautusan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

IKADALAWAMPUNG LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa “Omnia, quæ fecisti”
• *II cl.* • *Semidoble* • *Luntian*

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Dan 3:28*

OMNIA, quæ fecísti nobis, Dómine, in vero iudício fecísti, quia peccávimus tibi et mandátis tuis non obœdívimus: sed da glóriam nómini tuo, et fac nobíscum secúndum multitudínem misericórdiæ tuæ. — *Ps 118:1* Beáti immaculáti in via: qui ámbulant in lege Dómini. *V.* Gloria Patri. Omnia quæ fecisti.

LAHAT ng Iyong ginawa sa amin, Poon, ay ginawa mo ayon sa Iyong tapat at tunay na katuwiran: yamang kami'y nagkasala sa Iyo at hindi tinupad ang Iyong mga Kautusan, sa Iyong Ngalan ibigay ang tanang kapurihan. Gantihan mo kami ayon sa malaki Mong kagandahang-loob. — *Salmo 118:1* Mapalad ang pamumuhay ay malinis, at silang sumusunod sa utos ng Panginoon. *V.* Luwalhati sa Ama. — Lahat ng Iyong ginawa...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

LARGIRE, quæsumus, Dómine, fidélibus tuis indulgéntiam placátus et pacem: ut páriter ab ómnibus mundéntur offénsis, et secúra tibi mente desérviant. Per Dominum.

IPAGKALOOB Mo nawa, Panginoon, sa Iyong bayan ang kapatawaran at kapayapaan nilang inaasam, upang silang nahugasan na mula sa tanang pagsuway, mapaglingkuran Ka nawa nilang may malinis at panatag na kalooban. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • *Ef 5:15-21*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso.

MGA KAPATID: Kaya't mag-ingat kayo kung paano kayo namumuhay. Mamuhay kayong tulad ng matatalino at di tulad ng mga mangmang. Gamitin ninyo nang lubusan para sa mabuti ang bawat pagkakataon, sapagkat tigib ng kasamaan ang kasalukuyang panahon. Huwag kayong maging hangal. Sa halip, unawain ninyo kung ano ang kalooban ng Panginoon. Huwag kayong maglalasing, sapagkat sisirain lamang niyan ang inyong buhay. Sa halip ay dapat kayong mapuspos ng Espiritu.

Sa inyong pag-uusap gumamit kayo ng mga salmo, mga himno at mga awiting espirituwal; buong puso kayong umawit at magpuri sa Panginoon. Lagi kayong magpasalamat sa Diyos na ating Ama dahil sa lahat ng bagay, sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Pasakop kayo sa isa't isa bilang tanda ng inyong paggalang kay Cristo. — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 144:15-16; Ps 107:2

OCULI ómnium in te sperant,
Dómine: et tu das illis escam in
témpace opportúno

V. Aperis tu manum tuam: et
imples omne ánimál
benedictióne.

Allelúia, allelúia. **V.** Parátum
cor meum, Deus, parátum cor
meum: cantábo, et psallam tibi,
glória mea. **Alleluia.**

MGA MATA nila'y nakatingin sayo't umaasa't
nananalig, Panginoon, at ibinigay Mo ang
kanilang kakanin sa tamang panahon.

V. Bukas ang Iyong palad sa lahat, at lahat ng
lunggati ng nabubuhay ay tinupad mong
tunay.

Aleluya, aleluya! **V.** Tapat ang puso ko, O
Dios, tapat ang puso ko: aawit ako ng mga
salmo sa Iyo, yamang ikaw ang aking
kaluwalhatian. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Jn 4:46-53

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG PANAHOONG IYON: Sa bayan ng Capernaum ay may isang pinuno
ng pamahalaan. Ang anak niyang lalaki ay may sakit at naghihingalo na.
Nang mabalitaan niyang bumalik si Jesus sa Galilea mula sa Judea, pinuntahan niya
ito at pinakiusapang pumunta sa Capernaum upang pagalingin ang kanyang anak.
Sinabi sa kanya ni Jesus, “Hangga't hindi kayo nakakakita ng mga himala at mga
kababalaghan, kailanman ay hindi kayo sasampalataya.” Ngunit sinabi ng pinuno,
“Tayo na po, Panginoon, bago mamatay ang aking anak.” Sumagot si Jesus,
“Umuwi ka na, hindi mamamatay ang iyong anak.” Naniwala ang lalaki sa sinabi
ni Jesus, at umuwi na nga siya. Sa daan pa lamang ay sinalubong na siya ng kanyang
mga alipin at sinabing gumaling na ang kanyang anak. Tinanong niya ang mga
iyon, “Anong oras nang bumuti ang kalagayan niya?” “Ala-una po kahapon nang
siya'y mawalan ng lagnat,” tugon nila. Naalala ng ama na noong oras na iyon sinabi
sa kanya ni Jesus, “Hindi mamamatay ang iyong anak.” Kaya't siya at ang kanyang
buong sambahayan ay sumampalataya kay Jesus. — **R. Pinupuri ka namin,
Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 136:1

SUPER flúmina Babylónis illic
sédimus et flévimus: dum
recordarémur tui, Sion.

SA mga ilog at sapa ng Babilonia'y umupo
kami't tumangis nang maalala ka namin, O
Sion.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

COELESTEM nobis prábeant
hæc mystéria, quásumus,
Dómine, medicínam: et vítia
nostri cordis expúrgent. Per
Dóminum.

MAGING makalangit na lunas nawa itong mga
banal na misteryo, Panginoon, upang sa bisa
nito'y mapuksa na ang kasamaang nanunuot sa
aming mga kalooban. Alang-alang sa Anak Mo,
si Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est,
æquum et salutáre, nos tibi
semper et ubique grátias ágere:
Dómine sancte, Pater
omnipotens et æterne Deus:

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid,
angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at
sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo,
Amang banal, Diyos na makapangyarihan at
walang-hanggan.

Qui cum unigénito Fílio tuo et
Spíritu Sancto unus es Deus,
unus es Dóminus: non in unius
singularitáte persónæ, sed in
uníus Trinitáte substántiæ.
Quod enim de tua glória,
revelánte te, crédimus, hoc de
Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto
sine differéntia discretiónis
sentímus. Ut in confessióne veræ
sempiternæque Deitátis, et in
persónis propriétas, et in esséntia
únitas, et in maiestáte adorétur
æquálitas.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu
Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang
Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa
pagka-persona. Sapagka't kung ano ang aming
sinasampalatayanan sa iyong pahayag
patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa
Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi.
Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at
walang hanggan ay sinasamba namin ang
pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng
pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng
kamahalan.

Quam laudant Angeli atque
Archángeli, Chérubim quoque
ac Séraphim: qui non cessant
clamáre cotidie, una voce
dicéntes: — Sanctus, Sanctus,
Sanctus Dominus Deus...

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng
mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga
Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa
kalangitan: — **Santo, Santo, Santo
Panginoong Diyos ng mga hukbo...**